

Chapter 1



Children these days, wala nang ginawa kundi mag-cram kapag exam week.

Umiling si Mary Grace habang tinatangal sa pagkakasaksak ang desktop computer sa counter.

Pasado alas doce y media na nang madaling araw, at excited na ang katawan niyang humiga. She loved working in a library, really, what with all the books and blissful silence. Pero kapag ganitong exam week, blockbuster ang silid-aklatan ng *Antonina*. Sobrang haggard sila. Hindi niya dinanas ang magpuyat nang ganito para sa exam noong nag-aaral pa siya.

“Natapos din!” Maingay na umupo si Mrs. Consuelo Ramirez sa mahabang couch.

Mukhang gusto nang matulog ng may-edad na ginang sa beige sofa. She could relate, and to think she

was only twenty-five years old. Damn, kailangan na niyang mag-exercise.

“Bakit ba kasi hindi sila nag-aaral nang mas maaga, ha, Mary Grace?” reklamo ng ginang habang inaayos ang bright orange pantsuit nito. “Bakit tuwing exam week na lang, lagi at lagi silang nagkakandarapang mag-review? Tuloy, pati tayo nadadamay!”

“Wag mo ’kong tanungin, Madam,” banat ni Mary Grace habang sinisinop ang sariling bag. Inayos din niya ang pagkakatali ng mahaba at kulot na buhok. As usual, frizzy na iyon matapos ang mahigit labindalawang oras mula nang maligo siya. One of these days, she would really have to learn how to braid her hair to help tame the curly strands. “Nung nag-aaral ako, never akong nag-cram. I’m the best model student ever. Walang social life, walang love life, walang life, *nada*.”

Tumawa ang kausap at dinampot ang malaking dilaw na bag nito. “Ikaw kasi, puro ka basa ng libro at nood ng *Koreanovela*. Napag-iiwanan ka na ng panahon.”

“*‘Time you enjoy wasting is not wasted time,’* sabi sa *Phrynette Married* ni Marthe Trolly-Curtin,” aniya. “Pero, Madam, graduate na ’ko sa *Koreanovela*. Puro pa-sweet sila. Laging cheerful, optimistic, energetic, at usyusera ang mga bidang babae. Hindi ba p’wedeng lantang gulay at walang pakialam naman?”

“Ay hindi lahat gano’n, ah. May masusungit na bida rin,” tugon ni Mrs. Ramirez.

“True. Pero madalas energetic pa rin sila. Ako’ng napapagod para sa kanila. Di ba p’wedeng walang kiber

at malata naman?”

“Kagaya mo?” Humalakhak ang may-edad na ginang at umiling. “Walang manonood n’on. Walang mangyayari sa k’wento kapag kagaya mo ang bida. Joana!” tawag nito sa kanilang bagong library technician. “Dalian mo na d’yan.”

Naghikab ulit si Mary Grace at iniunat ang mga braso.

Walang mangyayari kung siya ang bida? Well, may point ang ginang. She couldn’t pass for a romance heroine. No, scratch that. Hindi siya heroine material, period. Mapa-romance, horror, comedy, o action man, hindi siya uubra. Unang-una, hindi papasa ang pangalan niya: Mary Grace Bautista. It couldn’t get any blander than that.

Siya iyong tipo na laging may hit ang pangalan kapag kumukuha ng *NBI* clearance. Noong isang beses, may hit ang pangalan niya para sa suspect ng murder, robbery, embezzlement at kidnapping. Kaloka. As if may energy siya para gawin lahat iyon. She couldn’t even find the energy to apply conditioner to her hair most mornings, iyong mga iyon pa? Dahil sa dami ng kapangalan niya na madalas ay may criminal record, laging kailangan niyang pumunta sa main branch ng *NBI* para i-clear ang kanyang sarili.

Noong nag-aaral siya, madalas ding dalawa o tatlo sila na may pangalang ‘Mary Grace’ sa klase. Muntikan siyang magkaroon ng identity crisis. Bawat Pilipino yata ay may kakilalang ‘Mary Grace.’

Rolling her head on her neck, she spotted her reflection on the horizontal mirror mounted on the wall beside the counter. Her smooth fair skin looked a little ashen from exhaustion, her chiffon blouse limp and rumpled.

She's cute, maybe even pretty with the right hair, clothes and makeup. But her hooded eyes were nothing special, her pert nose nothing to write sonnets about. If she had enough time and patience, her curly hair could probably look awesome. Pero dahil tamad siya, shampoo at tali lang ang nararanasan ng kanyang buhok. Bonus kung maalala niyang mag-conditioner. She was kind of partial about her lips—wide and full, and with the right lip liner and lipstick, she could pull off a great pout. But thanks to Kylie Jenner, everyone these days could do that so it did not really count.

Ganoon din ang katawan niya. Her curves were just right for her petite frame, but it's nothing spectacular. Ang balat niya siguro ang pinakaespesyal sa kanya. She had always had fair, clear and soft skin.

But over all? She wasn't stunning enough to turn heads, but not ugly or baduy enough to stand out, either. Para siyang plain rice. Walang masama roon, pero wala ring espesyal.

“More than twelve hours ka ngayon, ano?” sambit ni Mrs. Ramirez habang nag-iinat.

“Yes, Madam. Bigla kasing sumakit ang tiyan ni Tanya kaya pinauwi ko na.”

”Tapos mo nang i-update ang database?”

“Of course, Madam. Ako pa. Tapos ko na rin ’yung list ng books at links sa mga core databases para sa research ni Aliyah.”

Isa sa mga Social Studies instructors ng *Antonina School of Arts and Letters* ang huli, at humingi ito ng tulong para sa Master’s research paper nito. Bilang librarian, isa iyon sa mga trabaho nila. Librarians could provide research services to students and teachers, and could also be tasked to analyze and evaluate library and information services, as well as technology and media service requirements. They also deal with budget and administrative function of the library.

See? Madami silang trabaho. Kaya sino ang nagsabing walang ginagawa ang mga librarian maliban sa mag-ayos ng libro?

“Joanna!” tawag ulit ni Mrs. Ramirez. “Anong petsa na!”

“Eto na, Madam!” Humahangos na lumabas ang kasamahan mula sa rest room.

Nasilaw si Mary Grace sa glow-in-the-dark neon pink hair ng dalaga, gayundin sa atomic green shirt at fuchsia mini-skirt nito. Walang panama ang dark skinny jeans at light brown chiffon blouse niya.

“In fairness talaga, Joana,” aniya habang naglalakad sila palabas ng library, “your hair looks like an Easter egg.”

The quote was from the movie *Grease*, at bagay talagang description para sa buhok ng kasamahan.

Humagikhhik si Joana at maarteng hinawi ang

mahaba nitong buhok. “Grabe ka sa ’kin, ate. Pero ganito ba talaga dito? Akala ko jino-joke n’yo lang ako nung sinabi n’yong inaabot kayo nang umaga sa library kapag exam week.”

Kinandado ni Mrs. Ramirez ang pinto at dumerecho sila sa lobby. “Hanggang ten o’clock ang usual hours ng lib dahil hanggang nine lang ang evening classes. Kapag ganitong exam week, hanggang twelve bukas tayo. Pero kung pagdating ng eleven, eh wala namang tao, p’wede na tayong magsara.”

“Siyempre hindi nangyayari ’yon,” dagdag ni Mary Grace. “Four years na ’ko dito. At every exam week, ganitong oras talaga kami nagsasara. And you have to wonder why. Hindi naman surprise ang exam week pero ’yung mga estudyante, akala mo n’on lang makakaranas ng exam. Parang lagi silang nagugulat at hindi sila magkandaugagang mag-review.”

“Wag kang ganyan, Ma’am,” tumatawang komento ni Joana. “Gan’on din ako nung estudyante pa ’ko. Pero sa bahay lang ako nagre-review, hindi naman sa library.”

“Again, you have to wonder why. Ano pa ba ang mas interesting kaysa sa pagbabasa ng textbook at reading materials? Ano pa ba’ng dadaig sa pagbabasa ng mga lessons tuwing gabi? It’s not like interesting ang *Facebook*, *Xbox*, *Netflix*, at mga bars at clubs.”

Muling humagikhi ang kasamahan. “Speaking of bars and clubs, may bagong bukas d’yan sa Sumulong. P’unta tayo this weekend!”

Inosente niyang tinitigan ang dalaga. “Ako ba’ng

kinakausap mo?”

Tumawa ang babae at tinapik naman ito sa balikat ni Mrs. Ramirez.

“Fine,” nakangiting ani Joana saka sinulyapan ang relo nito. “Gulay, magka-quarter to one na.”

“Okay lang ’yan.” Tinapik niya ang balikat nito. “Sa susunod na exam week, sina Roselle at Jerry naman ang maiiwan. Plus, sinusundo lagi si Madam ng anak niya. So p’wede kang makisabay lagi.”

“Ay sosyal!” Binalingan nito si Mrs. Ramirez. “Pasabay lagi, Madam, ha?”

Nginitian nila at binati si Kuya Edmund, ang guard sa building, paglabas nila.

Umihip ang hangin at pumagaspas ang mga dahon ng mayayabong na puno. Dahil Setyembre na, halos mas malamig na sa labas kaysa sa loob ng air-conditioned building. The sprawling manicured lawn spread across the side of the building, while soaring acacia tress lined the street in front. Not far from where they stood, forested rolling hills stretched across the northern side.

“Eto lang ang medyo ayaw ko dito,” reklamo ni Joana habang nakasimangot sa mga puno. “Ang ganda sa umaga dahil sa mga puno, pero kapag ganito? ‘*Are You Afraid Of The Dark?*’ ang peg!”

Medyo creepy talaga ang *Antonina* kapag madilim na. Nasa liblib na parte iyon ng *Tanay* at may kalayuan sa main road. But the school had her at hello. With its lush surroundings, stone turrets, sturdy pillars and round arches, *Hogwarts* ang peg nito! After living in the Metro

for the first twenty-one years of her life, Mary Grace had enough of pollution, endless concrete streets, and horrific traffic jam. *Hasta la vista, city. Antonina, here I come, baby!* ang effect niya.

“Dito ka rin lang nakatira, Ma’am Mary Grace, di ba?” usisa pa ng nakababatang babae.

“Yes, malapit lang sa mga dorms. Housing project ’yun para sa mga employees. Kapag naka-two years na, p’wede mo nang i-avail.”

Isa pa iyon sa mga dahilan kaya pinili niyang magtrabaho sa *Antonina*. Rent-to-own house, dreamy forest, clean air, at zero traffic; mag-iinarte pa ba siya?

Nakarating sila sa parking at natanaw nila si Robert na nakasandal sa isang green sedan. The man looked positively dashing in black V-neck shirt and dark jeans. Walang maghihinalang pusong Eba ang lalaki.

Until Robert opens his mouth, that is, nakangisi niyang isip.

Bumuntong-hininga si Joana. “Madam, bading ba talaga si Sir Robert?”

“Yes, mas lalaki ka pa d’yan.”

Humagikhik ang babae.

“Ay naku, pag nakita mo ’yung papa ni Mary Grace, mas manghihinayang ka.”

Namilog ang mga mata ng library technician at napatingin sa kanya. “Bakit?”

“Transsexual ang papa ko,” sagot niya. “Nasa Thailand siya ngayon para i-complete ang gender reassignment surgery niya.”

“Hindi nga!”

She got that a lot. Kahit siya ay hindi makapaniwala na nagkaanak ang papa niya. Mas maganda pa ito kaysa sa kanya. That was probably the most interesting thing about Mary Grace. Not a lot of people could boast that they have a transsexual biological parent.

“Ano ka, Ma’am?” usisa pa ni Joana. “Product ng artificial insemination?”

Humalakhak siya. Her father would love that. “Wish lang ni Pudra. No, dear. I was created through the traditional way. Confused pa n’on si Pudra, tapos may pressure din sa family niya. Kaibigan at katrabaho niya ’yung mama ko. Backup dancer siya at makeup artist ang mama ko. Then one night, nagkainuman sila saka nag-chenesan. But my father swore my mother took advantage of his helpless state.”

“Ma’am, nagbe-bekimon ka rin pala.”

“Occasionally.”

“Ta’s ano’ng nangyari?”

“My mother’s pregnancy was actually the turning point. Na-realize ni Papa na babae siya na na-trap sa katawan ng lalaki. So nagladlad na siya all the way pagkatapos n’on.”

“Mother dear!” bati ni Robert nang makalapit sila.

The man’s handsome face glowed with joy as he gave each of them air kisses.

“Robert, dear,” bati ni Mary Grace. “You look dashing, as always.”

Kinikilig na humagikhik ang lalaki. “Thanks,

sweetheart.”

Pumasok sila sa kotse at binuhay ng anak ni Mrs. Ramirez ang makina ng sasakyan.

“Lalo na sigurong nakakatakot dito sa gabi sa last week of the month,” komento ng library technician.

“Bakit?” tanong ni Robert. “Ano’ng meron sa last week?”

“Yung blood moon, ’teh!”

“Blood moon?”

“Ano nga’ng scientific term d’on, Ma’am?” baling sa kanya ni Joana.

“Lunar tetrad.” Naghikab si Mary Grace at sumandal sa likod ng upuan. Parang gusto na niyang ipikit ang mga mata at huwag imulat sa loob ng labindalawang oras. “Actually, ginagamit ang term na blood moon para sa lahat ng total lunar eclipse, pero madalas ding ginagamit sa tetrad, ’yung apat na total lunar eclipse na magkakasunod, with no partial lunar eclipse in between.”

“Eh, bakit naging blood moon?”

“Nagmumukhang pula ang buwan kapag total lunar eclipse,” sagot ni Joana. “Nasa pagitan kasi ng sun at moon ang earth, kaya ’yung anino ng earth pinapadilim ’yung buwan kaya nagiging pula siya.”

“Oooh, interesting!”

“Wait, there’s more,” hirit ng technician.

“Anesh?”

“Ang pinagkaiba ng mangyayari sa last week sa mga ordinaryong lunar eclipse, apat sila na magkakasunod na

nangyayari tuwing ika-anim na buwan.”

“Oooh.”

“It’s pretty rare. For the last four thousand years, there were only one hundred eleven tetrads. Di ba, ate?”

Inaantok siyang tumango.

Sumipol si Robert habang hinihinto ang kotse sa gate ng village. May guard doon at hiningian ng ID ang nagda-drive.

Naghikab ulit si Mary Grace at tuluyan nang pumikit.

Naramdaman niyang umandar ulit ang sasakyan at sinandal niya ang ulo sa bintana.

“In fairness,” saad ng anak ni Mrs. Ramirez.

“Creepy naman talaga ang pulang buwan. Pero ba’t ang dami n’yong alam?”

“Genius kami,” sagot niya.

Humalakhak si Robert.

“May nag-donate ng libro sa lib tungkol sa blood moon,” pagbubuking ni Joana. “Pero, Ma’am, tanong lang, ha? Kailangan talaga sa dulo ang kinuha mong unit? Parang nasa middle of nowhere ka na!”

“Trueness,” tumatawang segunda ni Robert. “May improvement na nga ’yan. Dati puro talahiban ’yan.”

“The place is awesome,” turan ni Mary Grace.

“Dadami rin ang tao rito. At safe na safe, so kebs.”

Nag-inat siya at nagmulat. Totoong mukhang nasa middle of nowhere ang kanyang bahay sa dami ng nagtataasang puno sa paligid. Kaunti pa lang din ang street lights sa kanilang village.

It didn't bother her though. Nasa loob lang siya lagi ng bahay pagsapit ng gabi. May guard sa main gate ng *Antonina* at gayundin sa mismong village. Mataas ang bakod na pumapalibot sa buong village at may marshal pa na lumilibot. So far, ang tanging panganib sa kanilang lugar ay ang gumagalang kambing na alaga ng caretaker ng clubhouse. The pesky animal kept eating her gumamela bushes.

“Wag na kayong maingay,” paalala niya. “Tulog na si Madam.”

Kinusot ni Mary Grace ang mga mata at itinaas ang tingin sa langit. Slivers of moonlight peeked through the thin clouds, dispersing silvery light across fragments of the darkened sky. Isa pa iyon sa gusto niya sa *Antonina*. The stars and moon were always so—

A dark figure blocked the face of moon, drenching the world in darkness for a split second. Wala na iyon bago pa siya makakurap.

Nag-angat siya ng kilay. *Well, well. Ano 'yun?*

Sinulyapan ni Mary Grace ang mga kasama. Mukhang walang napansing kakaiba ang mga ito at nag-uusap pa rin tungkol sa lunar tetrad. Muli siyang naghikab at pumikit.

Malamang ay dahon lang iyon na nilipad ng hangin. O malaking paniki o kung anong nocturnal bird. Kiber.

She supposed that was another reason why she couldn't pass for a heroine. She wasn't curious enough. Apparently, requirement iyon para maging bida. Paano na lang kung hindi na-curious si *Little Mermaid* sa mga

tagalupa at kontento na itong lumanguy-langoy sa ilalim ng karagatan? Paano na lang kung hindi na-curious si *Narda* sa bulalakaw na bumagsak sa kakahuyan at hindi nito nilapitan iyon? Hindi gugulong ang plot at tapos agad ang kuwento.

More than her ordinary looks and ordinary name, it was her lazy attitude that disqualified her for a heroine position.

Kung walang kinalaman sa mga libro, movies, anime, at Asianovelas ang topic, she just couldn't bring herself to exert much effort. She didn't have the drive to investigate, speculate, and get herself into trouble. Matutulog na lang siya. Tama si Mrs. Ramirez. Sa ugali ni Mary Grace, matatapos agad ang kuwento kapag siya ang bida.

“O, sige, dito ka na.” Inihinto ni Robert ang kotse sa tapat ng kanyang bahay.

“Salamat, mga kapatid. Ingat sa daan.”

Hinintay ng lalaki na makapasok siya ng bahay bago nito pinaandar ulit ang kotse. Pagkapasok sa loob, sinilip ni Mary Grace ang mga ito sa salamin ng bintana at kinawayan. Pinagmasdan niya ang sasakyang papalayo hanggang sa lumiko ito sa kanto.

Yawning, she locked her door and stumbled toward her room. She didn't bother to turn on the light. Hihiga na lang siya at—

A thundering crash boomed from her back garden.

Her head whipped toward the direction of the crash just as a hulking figure smashed through the

backdoor and skidded across the tile floor. Something like massive wings flared open, its upper part smacking the tile floor and digging what sounded like sharp talons into the tiles.

Pumailanlang ang matinis na tunog habang patuloy sa pagdausdos ang nilalang sa sahig. The bulky figure slammed against the wall, sending clouds of plaster flying.

Masyadong nagulat si Mary Grace para makasigaw.

The creature crouched, flashed out those raven black wings and shot straight out of her now destroyed doorway. Growls and howls erupted from the back garden along with the sound of breaking bones and slamming bodies. At least iyon sa dinig niya ang mga tunog na iyon. Masyadong madilim para malinaw niyang makita ang nangyayari.

Dapat ay magsimula na siyang magsisigaw at magtatakbo, pero parang nag-shut down ang utak niya. Hindi siya makapag-isip at makagalaw. Disappointing, really. Alam niyang hindi siya heroine material, pero hindi niya akalaing para pala siyang iyong mga tanga at nakakairitang character na laging natutulala at nadadapa kapag inaatake ng kalaban sa mga pelikula. Iyon siya nang mga oras na iyon.

Sa tayo niya sa sala, tanaw ni Mary Grace ang eksena sa hardin ng kanyang likod-bahay. Pero natakpan muli ng mga ulap ang liwanag ng buwan at halos hindi niya maaninag ang dalawang malalaking bulto na nagsasalpukan at gumugulong sa kanyang hardin.

One creature sent the other hulking figure crashing through a tree.

Humawi ang mga ulap. Shafts of moonlight fell across the two creatures and for a couple of seconds, Mary Grace sincerely thought she would have a heart attack.

Isang anghel, isang demonyo, o isang *X-Men*? Hindi sigurado si Mary Grace. Columns of silvery light slanted across the creature's inky black wings and tight muscular frame, its sharp claws glinting like obsidian daggers in the moonlight.

Bahagyang nakaangat ang nilalang sa lupa, kumakampay sa hangin ang itim nitong mga pakpak. Sakal nito ang isang nilalang na mukhang... lobo? Yes. Wolf na mukhang nag-overdose ng steroids. The thing was huge; mukhang kasing-laki iyon ng kabayo o ng isang hummer.

The wolf-like creature thrashed against the winged creature's choke-hold, its yellow eyes blazing hot, its wide jaw snapping, drool dripping from razor sharp fangs. Pilit nitong ginagalaw ang mga harapang binti nito, pero mukhang bali ang mga iyon.

Malaki rin ang nilalang na may pakpak. Probably more than six feet and a half with bulging muscles that would make *Khal Drogo* jealous. A series of tattoos curled around his corded biceps, ran across his wide muscular chest and rib cage. And those wings! Black as midnight with curving blade-like talons at the top that were glinting ominously. Those wings probably spanned

more than fourteen feet.

In a flash, he slashed his wings downward and blood sprayed from the wolf-like creature's neck, splattering across the winged creature's face and chest.

Bumagsak ang katawan ng lobo habang nanatiling hawak ng kalaban ang ulo nito. Then, with sickening clarity, the wolf's head started... morphing. Bones shifted under gray furs, contorting its already twisted features in a horrifying display of fury and pain. Ganoon din ang katawan ng lobo sa damuhan. The body started twitching and convulsing as if wracked by seizure. Bones cracked, realigned, furs melting into skin until...

Umawang ang mga labi ng dalaga. The wolf was no more. Isang pugot na ulo at katawan ng tao ang pumalit dito.

Okay, time to wake up, Mary Grace.

Walang ibang explanation. Baka nakatulog siya sa sobrang pagod at ngayon ay binabangungot na. Because haller? Humanoid creature with wings and a werewolf? Sa panaginip at fiction lang iyon.

Pero ano nga ang sinabi ni Mark Twain? *Truth is stranger than fiction.*

And just her luck, mukhang naramdaman na ng nilalang sa wakas ang kanyang presensya, at bumaling sa direksyon niya ang ulo nito.

Violet. His eyes were iridescent violet. And that was just *not* right. Violet is like pink; it is for fairy princesses and wedding motifs. It is not supposed to look deadly!

At ganoon ang nilalang na ito.

Blood dripped from his face, slithering down his corded neck and muscular chest like ritualistic war paint. His raven wings beat the wind in a menacing rhythm, his powerful hulking frame silhouetted by fractured beams of faint moonlight. He was death and horror and nightmare rolled into one.

Binitawan ng nilalang ang pugot na ulo at bumagsak iyon sa lupa. Ikinampay nito ang mga pakpak pababa, at lumapat ang mga paa sa lupa sa hardin. Humakbang ito palapit sa kanya.

Hindi mahilig sa ekspresyon na ‘Oh, my God,’ si Mary Grace pero nang mga oras na iyon, iyon lang ang naisip niya.



Chapter 2



“Sandali!” Nanginginig si Mary Grace sa takot at parang pinipilipit ng bakal ang kanyang sikmura. Itinaas niya ang dalawang kamay at napaatras. Pero bumigay ang kanyang mga tuhod at sumalampak siya sa sahig. What would happen if she died in her dream? Ano ba ang sabi sa *The Matrix*? *If you die in the matrix, you’d die in real life.* Ganoon din ba sa panaginip? Ano ba ang sabi sa *Inception*? Gah! Hindi niya napanood iyon!

“Please, please, ’w-wag mo ’kong patayin.”

Nasa may pintuan na ang nilalang, binabalot na muli ng dilim at anino. But his eyes were twin beams of eerie violet light.

A towering figure cloaked in the darkness with glowing pale eyes. Iyon ba ang huling makikita niya bago siya malagutan ng hininga?

Nooo! Hindi pa tapos ang One Piece! Hindi pa inire-release ang The Winds of Winter!

“Please, please, please—”

“Tumahimik ka.”

Parang latigo ang boses at napaigtad ang dalaga sa takot. The monster could speak!

“Please! Please please please don’t—”

“Silence. Kailangan kong mag-concentrate. F*cking blood moon!”

Sa kabila ng lahat, rumehistro ang lito at gulat sa kanyang isip. Nag... Nag-Taglish ba iyong halimaw?

The creature snapped his enormous wings back and planted his fists on his narrow hips. She whimpered as she stared at those large fists. Mapipisat ang internal organs niya kapag tumama sa kanya ang mga iyon.

“Lumapit ka.”

Ab... no! She scooted back against the wall.

“I said come here.”

“H-huwag please—”

“Come. Here. *Now.*”

She shook her head hard and shut her eyes tight.

“*Bo hena,*” he grated.

Hindi niya alam ang ibig sabihin niyon pero ang sagot ni Mary Grace ay malaking HINDI.

“*Veni huc,*” he bit out.

“Please please please—”

“Goddamn it!” he exploded. “F*ck!”

Impit siyang napasigaw at agad tinutop ang bibig.

“Stop screaming, you stupid human. I won’t kill

you.”

Isang malakas na tili ang umalpas mula sa bibig niya.

“I said stop screaming!”

Narinig niya ang paghagupit ng mga pakpak ng nilalang, pagkatapos, sapo na nito ang kanyang batok at nakatutop na sa bibig niya ang malaki at magaspang nitong palad.

Lumipad pabukas ang mga mata ni Mary Grace, at para siyang mahihimatay nang malapitang makita ang nagliliwanag nitong mga mata. Streaks of silver forked out from his pupils, lighting up his irises like webs of lightning.

“Tumigil ka.”

His deadly tone and the eerie gleam of his eyes told her she’d better shut up or she would end up like the headless werewolf. Sobbing, she choked back her scream.

“Calm now? Good. Now, listen to me. Ganito ang gagawin natin. Hindi kita papatayin, pero sasama ka sa ’kin. ’Wag kang mag-alala. Pakakawalan din kita at buburahin ko ang alaala mo pagkatapos ng buwan. Pero ngayon, sasama ka muna sa ’kin. Naiintindihan mo ba?”

Ah, no?

Lalong tumalas ang titig ng halimaw. “Naiintindihan mo ba ’ko?”

Mabilis siyang tumango. It was not like she had a choice!

“Good. Ngayon ’wag kang magulo habang tinatali kita.”

Siyempre dahil logical at realistic na tao si Mary Grace, sinunod niya ang nilalang habang tinatali at nilalagyan siya nito ng busal. What was she supposed to do anyway? Use her amazing K-drama and J-drama knowledge to incapacitate the monster? Gulatin ito sa accoustic rendition niya ng *Sobakasu*? Yeah, that would work.

She tried her best to stop crying. Sabi nila, ‘curiosity killed the cat.’ Well, hindi siya curious kaya hindi ito dapat nangyari sa kanya!

Matapos itali ng nilalang ang kanyang kamay at paa gamit ang curtain tie, at busalan siya gamit ang pinilipit na dish towel, tiim-bagang nitong pinasadahan ng tingin ang paligid.

Bumakas ang inis sa mukha ng lalaki nang masilayan ang bakas ng matatalas na kuko ng pakpak nito sa tiles na sahig. Tinapunan siya nito ng masamang tingin na para bang kasalanan niya iyon. Typical psychopathic behavior. Sinisisi ang sariling kasalanan sa iba.

Ako, ako, lagi na lang ako!

“F*cking blood moon,” he spat.

Grunting, the monster strode to her kitchen sink and turned on the faucet. Naghilamos ito at binasa ang isa pang dish towel. Ginamit nito iyon para tanggalin ang dugo sa matipuno nitong dibdib. Pagkatapos, may dinukot ito sa bulsa ng pantalon nito. Cell phone.

“Cleanup,” sambit ng nilalang saka ibinigay ang direksyon patungo sa kanyang bahay. “Ayusin n’yo ’yung pinto, sahig at dingding sa first floor.” Yung katawan din.

“Ipadala n’yo na lang ’yung bill sa weekend.”

Nahilo si Mary Grace sa panibagong pag-ahon ng nakakaliyong takot. Cleanup daw. As in linisin ang duming iniwan nito? Eh, iyong katawan? Siya ba iyon? Icha-chop-chop ba siya ng mga ito at ibabaon sa kung saan para hindi siya makita? Bubuhusan ba ng kumukulong tubig kagaya ng ginawa ni Nora Aunor kay Philip Salvador sa *Bona*?

Mahihimatay na yata siya.

Nagsimula siyang sumigaw sa kanyang busal at magpumiglas sa pagkakatali. Hindi siya pinansin ng nilalang; tinungo nito ang hardin. She cried desperately for anyone to save her. Pero siyempre, walang dumating.

Pumasok ulit sa bahay ang nilalang dala-dala ang isang drawstring bag. Hinagip nito ang kanyang baywang at binuhat siya na parang manikang basahan lang siya. Inabot din nito ang bag niya mula sa sahic. Patuloy siya sa pagpipiglas habang naglalakad sa hardin ang nilalang.

Then, without warning, he snapped his wings open and shoved his legs against the garden floor. They shot into the sky like a cannonball.

Agad siyang tumigil sa pagpipiglas. One wrong move and ‘*Humpty Dumpty* had a great fall’ ang peg niya. Not her favorite way to die. At yes, may listahan siya ng most awful ways to die, at ang mapisat sa lupa na parang itlog ay nasa top ten.

Parang mababalatan siya sa lakas ng hagupit ng hangin. Her ears popped and she screamed in her head.

Tuluyan na siyang napasigaw nang bumulusok sila pababa. Mamamatay siya sa atake sa puso kung hindi siya mamatay sa pagbagsak sa lupa.

Nang akala ni Mary Grace ay mawawalan na talaga siya ng ulirat, bumagal ang pagbagsak nila hanggang sa suwabe silang huminto sa paglipad.

Her eyes snapped open and colors and shadows swirled around her field of vision. Itinulak siya ng nilalang at tuluyan na siyang napaluhod. Nanginginig at nahihilong itinaas niya ang tingin. Doon niya nakita ang mga puno. Parang sumasayaw ang mga iyon at babagsak sa kanya. She swallowed down the bile rising up her throat and forced herself to stand up.

Tumatagos ang sinag ng buwan mula sa makakapal na dahon, at naaninag niya ang dirt road at ang nakaparadang pickup truck.

The creature shoved her toward the pickup and pushed her into the backseat. Itinapon nito ang drawstring bag sa loob at tumalbog iyon sa sahig at tumama sa kanyang pisngi. Basa iyon, amoy-malansa at—

Oh, no no no no. Tumili siya at pilit lumayo sa bag. Shit na malagkit!

Pabalibag na sinara ng nilalang ang pinto ng backseat. Madilim sa loob ng pickup at hindi niya makita kung ano ang kulay ng bag. Pero ang amoy! Dugo iyon. Iyong ulo ng werewolf ang laman niyon, sigurado siya.

Gahd, mababaliw na si Mary Grace.

Pumasok sa driver's side ang nilalang at umugong

ang makina ng sasakyan. Pinilit niyang umupo sa gilid at sumiksik sa bintana sa kabilang bahagi ng pickup malayo sa bag. Mariin siyang pumikit at pinilit ang sariling kumalma.

Wag kang mababalim, Mary Grace. Wag kang bibigay.

Nagsimulang umandar ang sasakyan.

“I have the package.”

She didn't bother opening her eyes. The monster was probably talking to someone on the phone again. She had to focus on breathing through her teeth or she might end up vomiting her internal organs. Not easy with the gag in her mouth.

“Magkita tayo sa labas ng *Mortem* sa loob ng isang oras. Tell them I want the money transferred to my account in an hour.”

She bit back a hysterical laugh. *Mortem*. ‘Death’ in Latin. How cliché. Wala bang naisip na mas creative na pangalan ang mga ito? At money transfer at package talaga? Magaling. Mukhang hindi lang halimaw ang kidnapper niya, member pa yata ng mafia. Supernatural horror edition ng *The Godfather* at *The Sopranos*. Kapag minamalas ka nga naman.

Nalalalahanan ng dalaga ang dugo sa hangin.

Nakasara ang mga bintana ng sasakyan at makapal ang amoy sa paligid.

“Hoy.”

Napaigtad siya at tumama sa salaming bintana ang likod ng ulo. Nagtama ang mga paningin nila sa rear-view mirror. His violet eyes were laser sharp in the

darkness. Bahagyang nasisinagan ang mukha ng lalaki ng malamlam na ilaw mula sa dashboard. Ngayong wala nang dugo sa mukha, naaninag niya ang perpektong linya ng ilong at matigas na panga ng nilalang. He had broad cheekbones, strong forehead and full, almost feminine lips.

Typical. Kailangan talaga drop-dead gorgeous ang asshole na halimaw? Another cliché!

Hindi niya alam kung ano ang ginawa nito sa pakpak nito, pero mukhang wala na iyon. Nakasuot ito ng t-shirt.

“Makinig ka sa ‘king mabuti,” saad nito. “Yung pupuntahan natin, delikado ‘yon sa mga taong katulad mo. Kaya tumahimik ka at magpanggap na walang malay. Hindi ka tutulungan ng mga nilalang d’on. They’d do worse things than killing you. Why should you trust what I say? Think of this. Buhay ka pa rin ngayon samantalang p’wede naman kitang patayin kanina pa. Hindi ikaw ang target ko, nagkataon lang na na nasa maling lugar ka sa maling oras. And yet here I am, inconveniently trying to keep you alive.”

Wow, ha. Nahiya naman si Mary Grace. Ang lagay, siya pa ang may utang na loob. Bahay niya iyon; ito ang nasa maling lugar at oras! Akala nito wala itong ginagawang masama? *Akala mo lang wala! Pero meron, meron, meron!*

“Your life is in your hands, human,” he warned. Muli nitong ibinalik ang buong atensyon sa daan at hindi na ulit siya pinansin.

Pumikit siya at nanalangin. Hindi niya alam kung gaano katagal silang nagbiyahe. Patuloy na binagtas ng pickup ang malubak na daan. Hinalughog niya ang isipan para makahanap ng paraan para makatakas. Pero mabuti pa sigurong mag-isip siya ng paraan para maging susunod na *Kage ng Konohagakure*.

Napaigtad na lang si Mary Grace at napamulat nang muling marinig ang mababang boses ng nilalang.

“Malapit na tayo. Magkunwari kang walang malay at humiga ka sa backseat. Don’t make a sound, human.”

He pushed some buttons on the dashboard and the sounds of heavy drums and shrieking guitar blared through undercover speakers. She yelped and jumped on her seat.

Without slowing down the vehicle, he reached into the backseat for the drawstring bag. Lalo siyang sumiksik sa gilid ng bintana.

Hinalughog niya ng tingin ang paligid. She needed to get help. *Anyone, please!*

This Romeo is bleeding, but you can't see his blood

It's nothing but some feelings, that this old dog kicked up...

Oh, my God. Really? Of all the cheesiest songs! *Bon Jovi* talaga?

Impit na napasigaw ang dalaga nang sumubsob siya sa likod ng passenger seat dahil sa pagbilis ng takbo ng truck. Dapat isama ito ni Dante sa *nine circles of hell*. Forced carpooling at breakneck speed with a mafia monster while *Bon Jovi* blasted cheesy undying love through the stereo? Impiyerno iyon.

She scrambled back into her seat and pushed her feet against the back of the passenger seat to help steady herself. Then, her eyes widened when she saw they were careening toward a giant baletre tree. *Oh, dear Lord...*

Nagsimula siyang pumiglas at sumigaw ulit sa kanyang busal. Sa bilis nila, mamamatay sila sa impact. Nagawa niyang hagipin ang seat belt at mahigpit siyang kumapit doon. She screamed through the gag and braced herself for the crash.

Pero imbes na bumangga sa makapal na puno, lumusot sila roon na parang hangin. Lumutang siya sa loob ng sasakyan na para bang nawalan ng gravity sa paligid. Napalibutan sila ng matitingkad na kulay at sumasayaw iyon paikot sa kanila. Mainit ang hangin at parang pumipintig kasabay ng kanyang puso.

Pagkurap ni Mary Grace, napapaligiran na ulit sila ng mga puno. Nakalapat na rin ulit ang puwet niya sa upuan.

Oh, my God. Platform 9 3/4, is that you?

Napalipad sa harap ang kanyang tingin. May tatlong palapag na gusali. Gawa sa salamin ang mga dingding at tanaw niya ang makukulay na liwanag na bumubugso sa ikalawang palapag. May mga nagsasayaw roon. Maraming mamahaling mga sasakyan ang nakaparada sa gilid ng gusali. Pero wala siyang natanaw na kalsada o ibang establishment. Napapalibutan sila ng mga puno at matataaas na halaman.

Muli niyang ibinalik ang titig sa gusali. The sleek

glass building looked like an alien monster in the middle of the thick forest. Call it sixth sense or basic common sense, but the whole place screamed suspicious.

Siguradong suspicious din ang mga nilalang sa loob niyon. She would have to decide fast.

Agad siyang humiga sa upuan at madiing pumikit. Better the devil you know, wika nga nila.

“Wise choice,” she thought she heard the creature intone amidst the blaring music.

Huminto ang sasakyan. Pagkatapos ng ilang segundo, bumukas ang pinto sa driver’s side.

Naramdaman niyang lumabas ng truck ang nilalang.

Lakas-loob niyang iminulat ang isang mata. Hindi siya curious, she was just scoping the field.

May lamppost sa di-kalayuan at naaninag niya ang nilalang at isa pang lalaki. Hindi niya matanaw nang maayos ang mukha ng huli. Pero matangkad ito, matipuno ang katawan, maikli ang buhok at nakasuot ng shirt at jeans. He looked like a normal hunk.

That meant shit since the winged creature looked like the average hunk himself now that his wings were nowhere to be seen. The creature wore a blue shirt that stretched over his broad muscular back, his powerful legs encased in dark jeans.

Sandaling nag-usap ang dalawa, at mukhang may tiningnan ang nilalang sa cell phone nito. Probably checking the transfer of money. The transaction seemed so human it made her want to laugh hysterically.

Isinuksok ng lalaki ang phone sa bulsa nito at

ibinigay sa kausap ang drawstring bag.

Her gut tightened and she squeezed her legs closer to her body. God, she wanted to go home.

To her horror, parang naramdaman ng pangalawang lalaki ang titig niya at matalas na bumaling sa direksyon ng truck ang tingin nito.

Muntikan siyang mapasigaw at agad na pumikit. Naging relihiyoso talaga siya sa mga oras na iyon. Todo dasal siya.

Muntik ulit mapasigaw si Mary Grace nang bumukas ang pinto ng truck. Pabalibag na sumara iyon at naramdaman niya ang pag-ugong ng makina. Hindi siya naglakas-loob magsalita, gumalaw o magmulat.

Umandar ang sasakyan at pagkatapos ng ilang segundo, naramdaman niya ang pag-init ng hangin.

Then, she felt cool wind streaming inside the vehicle. Napamulat ang dalaga. Nasa dirt road pa rin sila at mapuno pa rin ang paligid, pero hindi na niya matanaw sa kahit saan ang building. Nakalusot na sila sa portal. Sa wakas ay binuksan na ng nilalang ang dalawang bintana at pumapasok na ang malamig na hangin. Pinatay din nito ang makabasag-eardrum na tugtog.

“Good job, human,” sabi ng nilalang. “Muntik ka nang maamoy ng kausap ko. Buti na lang, malakas ang amoy ng taong-lobo sa loob nitong sasakyan.”

Natigilan si Mary Grace. *What?*

“Muntikan na rin niyang marinig ang heartbeat mo. Buti na lang malakas ang drums at bass sa stereo.”

She could hardly think past her fear. Pinatugtog nito nang ubod-lakas ang stereo at hindi binuksan ang mga bintana kanina para sa kanyang kapakanan?

“But f*ck, now the whole truck stinks!” he bit out. “Alam mo ba kung gaano kahirap tanggalin ang amoy ng dugo sa sasakyan? I probably have to re-upholster the whole damn thing. It’s your f*cking fault, human. Kung hindi ko kailangang takpan ang amoy mo, inilagay ko sa cooler d’yan sa backseat ’yung ulo. But no, because I’m so goddamn nice, I just had to find ways to keep you alive. You should pay me. Maybe I should hypnotize you to transfer all your money to my account once I got my abilities back.”

So much for helping her.

“Ganito ang mangyayari. Susundin mo ang lahat ng ipag-uutos ko sa loob ng ilang linggo kung gusto mong mabuhay. Don’t try to escape. Kailangang mabura ko muna ang alaala mo tungkol sa ’kin. Para ’yon sa ikabubuti nating dalawa. Understood?”

Numb with fear, all she could do was nod.

He flashed her a grin and she chocked back a sob. The guy was drop-dead gorgeous, and in another situation, she might have used him as a visual peg for heroes in books she’s reading. Pero nang mga oras na iyon, naiihi lang si Mary Grace sa takot.

Muling pinindot ng nilalang ang mga buton sa dashboard, and *Bon Jovi* started blasting through the speakers about eternal love again. She whimpered and shut her eyes tight.